**I. PAMAGAT NG MAIKLING KUWENTO: AANHIN NINYO ‘YAN ?**



**II. MAY AKDA: VILAS MANWAT SALIN NI LUALHATI BAUTISTA**

**III. BUOD**

Si Nhai Phan ay isa sa mga sikat sa kabahayanan. Ito ay dahil nasa kanya na ang lahat tulad ng pagiging isang magaling na mananayaw at magaling magluto ng sinangag at naniniwala siya na mas masarap magluto kaysa magpayanaman. Mahilig siyang mamigay ng matatamis sa mga bata ng hindi naghahanap ng bayad kayat dahilan ito ng laging pagrereklamo ng kanyang asawa. Sa iskinita ding iyon ay nakatira ang isang lasenggo na hilig ang mga berso mula sa kuwento nina Khun Chang at Khun Phaen at taimtim na nakikinig si nhai phan na pagkatapos ay hihingi ang lasenggo ng isang tasang tsaang may yelo na bibigyan naman ni Nhai Phan na may kasama pang doughnut. Isang gabi ay nagpunta sa sinehan ang kanyang asawa at siya ay nag-isa. May isang kabataang lalaki ang pumasok sa tindahan niya. Tinanong niya ang lalaki ngunit sa halip na sumagot ito ay nilabas nito ang kanyang baril at tinapat sa puso niya. Naramdaman ni Nhai Phan na hindi maganda ang pangyayari. Ngunit hindi natakot si Nhai Phan bagkus nag pakita siya ng pagkamahinahon sa holdaper. Tinanong pa ni Nhai Phan kung ano ang pinaniniwalaan nito ngunit sinabi ng lalaki na hindi daw nito alam kung saan siya pupunta at mukha daw wala nang anu pa man sa mundong ito ang dapat paniwalaan. Tinanong pa ni Nhai Phan kung nagbabasa ang lalaki ng libro at ang sabi ng lalaki ay dati, bakit pa daw siya magbabasa ng dyaryo kung alam naman daw miya na puro kriminalidad ang nandoon. Biglang nakunsensya ang lalaki sa bawat pangaral na ibinigay sa kanya ni Nhai Phan at nasabi niya na isang malaking pagkakamali ang kanyang nagawa sa ganoong kabait na tao. Kaya naman bago ito umalis ay nagpasya ang binata na talikdan ang masamang ginagawa. Ibinigay niya kay Nai Phan ang baril at sinabing magbabalik siyang muli ngunit wag nang ipakita pang muli ang baril na iyon at tuluyan nang nagpaalam.

**IV. MGA TAUHAN**

**a. PANGUNAHING TAUHAN**

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

**NHAI PHAN-** isang mabait na taong puro positibo ang pananaw sa buhay. Na hinahanapan niya lagi ng kabutihan ang bawat taong kanyang nakakasalamuha.

**b. PANGALAWANG TAUHAN**
**HOLDAPER-** nagtangkang gumawa ng masama kay Nhai Phan at sa kaniyang tindahan.

**c. PANTULONG NA TAUHAN**
**ASAWA NI NHAI PHAN**

- Laging nagagalit sa tuwing nagbibigay ng tinapay ang kanyang asawa sa iba.

## V. TAGPUAN

Naganap na ang kwento sa tindahan ni Nai Phan kung saan malapit nang mag-gabi sapagkat siya ay magsasara na nang tindahan. Dahil si Nai Phan ay kilala sa kanilang lugar ay hindi siya nag-aalangan at nag-aalala sa mga taong tumutungo sa kaniyang tindahan.

## VI. TEORYANG NAKAPALOOB

### 1. Eksistensyalismo

Nagbibigay diin sa kalayaang pantao at sa kanyang panangutan. Hindi ito naniniwala na ang tao ay bahagi ng isang daigidig na may sistema. Ang tao ay ganap na Malaya at nasa sa kanya at paggamit ng kalayaang ito sa pamamaraang makabuluhan at may pananagutan. Sa kabuuan, ang tao rin ang may gawa sa kanyang sarili.

At sa akdang ito ay pinakita ng Binatang Holdaper ang kaniyng kalayaang pantao na makabuluhan at nakamit niya ito dahil pinag-isipan ang kaiyang sariling pinanindigan para sa kaniyang ikabubuti. Narito ang patunay;

*"Sana'y kunin mo ito. Hindi ko na ito kailangan. Iyan ang tatak ng mababangis. Sinumang lalaki na magdala ng baril ay walang awa o paggalang sa iba, wala siyang iginagalang kundi ang baril. Ang mga bandido'y maaaring mabuhay sa kanilang baril, pero ang buhay nila'y laging gagambalain ng katotohanan na ang mga akaaway nila'y maaaring sumalakay sa kanila nang wala silang kahandaan. Wala silang panahon para panoorin ang paglubog ng araw o para umawit. Pag ang tao'y walang panahon para umawit, mabuti pang maging kuliglig na lang o ibong mynah."*

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

Sa inlahad ng talata ay nagnanais na ang binata na magkaroon ng maayos na buhay at malayo na sa takot at marahas na pamumuhay.

**2. Humanismo**

Binibigyang pansin sa akda ang pagtugon sa mga saloobin at damdaming inilalahad ng tauhan. Sa pamamagitan nito, itinataas ang karangalan ng tao bilang sentro ng akda. Sa pagpapalitan ng kuro ng dalawang tauhan ay pinaliliwanag ni Nai Phan sa binta ang mga bagay kaugnay sa mga pangyayari sa buhay nito kung bakit ito nang hoholdap.

*"Bakit hindi mo kunin?" tanong ni Nai Phan. "Tingnan mo, bakit kita lolokohin? Alam kong hirap na hirap ka. Hirap tayong lahat sa mga araw na ito. Hindi ako naniniwalang masama kang tao. Sino ang gustong maging magnanakaw kung maiiwasan niya? Maaari ding nagkaatake ang iyong ama at kailangan mo siyang alagaan. Dalhin mo sa kanya ang perang ito, pero huwag mong ubusin lahat sa gamot. Maniwala ka sa akin, magagamot ng doktor ang katawan, pero kailangan ng tao ang lunas pati sa kanyang isip at kaluluwa. Bumili ka ng ilang mababangong bulaklak, isang kuwintas ng bulaklak para sa iyong ina na mailalagay niya sa harap ng sagradong imahen sa bahay. Iyon ang ginagawa ko gabi-gabi. Hindi mo kailangang malaman kung ano ang kabanalan o kung saan ito nananahanan. Sapat na ang makadama ka ng kapayapaan sa iyong sarili. Iyon ang langit. Ay! – at itabi mo ang iyong baril – giginhawa agad ang pakiramdam mo. Ang isang lalakig may dalang baril ay hindi nakakilala ng kapayapaan, ang puso niya'y naghihirap sa takot at pag-aalinlangan, at sa amoy ng panganib. Hindi tayo liligaya habang ang ating mga kamay ay nagsisikip sa mga sandata."*

**3. Naturalismo**

Sa teoryang Naturalismo ay binibigyang pansin ang mga saloobin, damdamin, kilos, gawi ng tauhan, gayon din ang pakikipagsapalaran ng tauhan upang mabuhay at ang epekto ng kapaligiran sa pakikipagsapalaran.
Narita ng patunay sa katwiran ng binata kaugnay sa kaniyang panghoholdap;

*Walang pag-asang umiling ang kabataan lalaki. "Hindi ko alam kung saan ako pupunta ngayon. Saan ako maaaring pumunta? Ano ang mga pinaniniwalaan ko? Hindi ko alam. Mukhang wala nang ano pa man sa mundong ito na karapat-dapat paniwalaan.*

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

*Naging isang miserableng nilikha na ako mula nang araw na ako'y ipanganak; hindi nakapagtataka na hindi ko gusto ang aking mga kapwa-tao. Minsan, ang tingin ko'y pananagutan ng lahat ang mga kamalasan ko. Ayokong makisalamuha sa mga tao.*
*Hindi ako nagtitiwala kahit kanino. Kinasusuklaman ko ang paraan ng pakikipag-usap ng tao sa isa't isa, kung paano nila gugulin ang kanilang buhay, kung paano nila mahalin at purihin ang isa't isa, kung paano sila tumawa at ngumiti.*

Sa pagsasalaysay ng binata ay sumandal ang kaniyang paniniwala sa mga paniniwalang namulatan niya lamang sa mundo.

**4. Dekonstruksyon**
Nagbibigyang kahulugan ang mga nais sabihin ng akda batay sa relasyon ng tao sa kaniyang lipunan. Sa teoryang ito natutukoy ang mga bahagi ng akda na nagpapahiwatig ng impluwensya ng pakikipag-ugnayan ng tao sa kaniyang kapwa at kahinatnan nito. Sa pakikipag ugnayan ng ni Nai Phan sa kapwa tao ay nagbabago ang kaispan nila sa buhay na dapat ay hindi lamang material ang dapat bigyang pasin. Dahil dito ay nagbabago ang kaispan at pag-unawa din ibang tao sa kanilang nasaksihan.
Narito ang patunay;

*"Ang mga taong naninirahan sa iskinita, pauwi sa kani-kanilang bahay sa kalaliman ng gabi pagkaraan ng maghapong ginugol sa paghahabol ng pera, ay makatatanaw kay Nai Phan na nakahilig sa kanyang maliit na silyang de-tiklop, kuntentong nakikipag-usap sa asawa. At maiisip nila sa kanilang sarili: "Ang saya-saya nilang tingnan, malaya sa paghahangad sa kayamanan. Mas mabuti pa sila sa amin."*
*"Ang sagot na ito'y may pinupukaw sa puso ng mga nakakarinig na mas mayaman kaysa kay Nai Phan, pero hindi pa rin kuntento sa yaman nila, bagkus ay nagkukumagkag pang makapagpundar ng mas malaki pang kayamanan.*

**5. Sosyolohikal**
Binibigyang diin ang pagtatalakay sa kapiligirang panlipunan na nagpapalalim at nagpapatingkad sa paksa. Ito ay ekstinsyon ng historikal na pananaw. Nagbibigay diin din sa usapin tungkol sa kahalagahan at pananagutang panlipunan sa buhay ng tauhan. Narito ang patunay;

*[25]"Kaya mo ba akong paniwalaan? Hindi ako interesado sa kahit ano. Sawang-sawa na ako sa lahat. Ang buong mundo'y parang hungkag. Walang kahulugan,*

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

*walang anupaman na mapapangapitan o maigagalang ng tao. Kung talagang gusto kong magtrabaho, sa palagay ko'y maaari akong humanap ng gawain. Pero nasusuklam akong makita ang sangkatauhan, ayokong tumanggap ng kahit na anong pabor mula sa kanila. Mananatili ako nang isang linggo sa isang trabaho, dalawang linggo, sa isa pa—hindi ako nagtatagal kahit saan."*
*Nagbabasa ka ba ng libro?"*

[27] *"Dati. Pero umayaw na ako. Ni hindi na 'ko nagbabasa ng diyaryo ngayon. Bakit pa? Alam na alam ko kung ano'ng laman nila. Wala kundi barilan, nakawan, patayan! Binabago nila ang mga lugar at mga pangalan, pero ganu't gan'on din ang mga istorya."*
Sa pahayag ng binata nawalan na siya ng pag-asang mabuhay na hindi nahihirapan dahil sa kniyang nkikita salipunan. Pero kabahagi siya ng lipunanng iyon kayat nasa kamay niya kung mapapailalim siya sa patakaran at nakasanayan ng lipunan.

## VII. PAKSANG DIWA

Sinasabing ang buhay ay pakikibaka, sa mahabang paglalakbay patungo sa katuparan ng mga pangarap ay maraming hadlang upang makamit ang ninanais na tagumpay sa buhay. Maraming pagsubok ang nakaabang kayat kailangang maging matatag at huwag mawalan ng pag-asa dahil sa mga makakasalamuha ay maaaring maging tanglaw sa kadiliman ng buhay. Na Katulad ng binatang holdaper ay nagbago ang kaniyang pananaw;
"Iabot mo ang salapi mo," marahas na sabi ng kabataang lalaki. "Lahat; kung anuman meron ka." (p.  talata 11)
Ang pagtulong sa kapwa ay hindi lamang nalilimitahan sa pagbibigay ng pera o material na bagay sa iba. Ang pagbibigay tulong sa kapwa ay yaong nagbibigay ng bahagi ng sarili upang makatulong at maiangat sa kinalalagayan ng isang tao kung siya ay nakakaranas ng paghihirap o kakulangan sa kaniyang buhay na siyang pinababatid ni Nai Phan sa binate;
"[1]Hindi nanginig si *Nai* Phan. Kalmante siyang nakatayo at sabi niya sa tinig na parang nakikipag-usap lang: "Ibibigay ko sa 'yo ang pera, pero hindi dahil sa baril mo, ibibigay ko sa 'yo dahil mukhang kailangan-kailangan mo iyon." (p. ;talata 12)

## VIII. ISTILO AT PAGKAMASINING

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

This study resource was shared via CourseHero.com

Dapat nating malaman na ang isang akdang pampanitikan ay may sariling buhay at umiiral sa sariling paraan. Sabi nga, nasa porma o kaayusan ang kasiningan ng isang akda. Kung kaya't mahalaga na may sariling estilo ang manunulat dahil dito natin makikita ang kasiningan ng kanyang akda.
Ang istilo ng pagkakasulat ng akdang ito ay binase sa isang sitwasyon ,pangyayari o karanasan sa buhay. Ito ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa.

## IX. PAGPAPAHALAGA AYON SA NILALAMAN

### a. KAHALAGAHANG SOSYAL AT PANGKABUHAYAN

Naipakita sa akda ang trabaho ng mga tauhan, lalung-lalo  na ang pangunahing tauhan. Hindi lamang ang kanyang tindahan ang makapukaw pansin sa akda kundi pati narin ang kanyang ginintuang puso na bukas loob sa lahat ng tao. Naipakita rin sa akda ang katotohanang pangsosyal-ang paggawa ng kasamaan katulad ng gianawa ng hold-uper na pumasok sa tindahan ng pangunahing tauhan.

### b. KULTURANG FILIPINO

Likas sa mga Pilipino ang maging bukas palad sa lahat ng tao, hindi man malaking bagay ngunit sa simpleng bagay na kaya nilang gawin, katulad na lamang ng ginawa ni Nhai Phan sa hold-uper, sa kanyang pakikipag-usap lamang ay naantig ang puso ng taong iyon at agad na nagbalik loob dahil sa pagbulay-bulay na ginawa sakanya ni Nhai Phan.

### c. SIMBOLISMONG FILIPINO

**Baril-** sinisimbolo ng baril ang karahasan na nakikita sa lipunan at sa isang kalabit lamang nito ay maaring magbago ang buhay ng tao sa papamigatan ng karahansan. Ang baril ay ginawa upang maisaayos at magpatupad ng batas ngunit nagiging iba ang layunin nito ayon sa may hawak.

**Binatang Holdaper-** isang batang lalake na kumakatawan sa mga kabataan nangangailangan ng pag-gabay at pag-unawa ng magulang, lipuna na kaniyang ginagalawan. Ang mga pananalita nito at paniniwala ay bunga lamang ng kaniyang kinalakihan at sap ag-aakalang hanggang doon na lamang ang itatakbo ng kaniyang buhay ay gumagawa ng pag aakalang ikabubuti niya.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

**Matamis (kendi)-** Ang pagbibigay ng matamis sa mga bata ng libre ay hindi niya ikalulugi bagkus ikayayaman niya pa sa pakikipagkapwa at kabutihang loob sa mga bagong sibol na kabataan. Ang pagbibigay niya ay sumasagisag sa pagkakaloob sa mga kabataang nagngaiangan ng kalinga sa kanilang kapaligiran.

**Nai Phan-** isang taong sumisimbolo sa pagbabago at pagbibigay tulong sa iba. Naiibang tauhan dahil sasabihin ng mga mambabasa na wala nang ganoong klase o bihra na lamang makahanap nang taong hanadang tumulong sa iba. Ngunit sumisimbolo ito sa bawat mamababasa dahil sa akda ay nagkaroon ng pagbabago sa isipan at damadamin na sa mundong ito ay kinakailanagn ng pagbubukas ng mata para Makita ang nagaganap, pagbubukas ng tenga para pakinggan ang nagyayari sa lipunan at pagbubukas ng palad na tumtulong sa kaniyang kapwa.

**Pansalang Kape-** ito ay isang makabagong gamit noong panahon na iyon ngunit naglalahad ito ng kaisipan ng makabagong kaisipan na kinakailangang ng lipunanang ion, na kung nais mong magkaroon ng pagbabago ay kailangan mong tangkilikin at pag-aralan ang pagbabago. Ganoon si nai Phan mag-isip hindi siya nahihinto lamang makalumang kaisipan at siya pa ang kakikitaan ng liberal nap ag-iisip na nakatulong sa kaniya pagkato lao na sa bintang kaniyang nakausap.

## d. KAHALAGAHANG PANGKATAUHAN

### 1. Maka-Diyos

Isa sa mga sampung utos ng Diyos ay “Huwag kang magnakaw” at iyon ang isa sa pinapakita ng akda ang pagnanakaw ay hindi lamang kautusan ng tao bagkus mas higit pa ang sa kautusan ng Diyos. Sa katapusan ng akda ang pagbabago ng binata ay isang katagumpayan ng tao para sa isang naliligaw na landas. Ang bawat tao ay may pananagutan sa kaniyang kapwa dahil likha ng kapangyarihan ng Diyos na dapat ibalik niya ng lakas na ito sa mabuting paraan at sa kapakanan ng lipunang kaniyang tinitirhan.

### 2. Makatao

Sa akdang Aanhin Nino Yan ay mababakas ang pagiging makatao ni Nai Phan sa kaniyang kapwa, dahil sa kaniyang mabuting gawi ay nabibigyan niya

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

ng inspirasyon upang tignan ng nakapaligid sa kaniya ang katuturan ng buhay. Ang pagbibigay sa mga bata, babae at mga nangangailangan ay isang pananagutan ng tao sa kaniyang kapwa tao. Bagamat sa mundong ay umiiral ang kasakiman at kasamaang taglay ng tao ngunit sa kaniyang sariling pagpapasya ay nagbabago ang tao dahil meron siyang karunungan na taglay na magdesisiyon ng ikabubuti ng kaniyang sarili sa kabila ng mga pagiging iba sa iba.

**3. Makabayan**
Ang pagkakaroon ng pakialam at bagiging responsableng mamamayan ay naghahatid ito sa kaniya ng pagiging makabayan at makbansa. Dahil ang tao ang pika maliit ng yunt ng lipunan ngunit ang maliit na ito ang bumubuo nkabuuan para maging produktibo ang lahat. At ang pagbabago ng holdaper ay naghatid sa kaniya ng pagiging makabuluhang kasapi ng lipunan.

**4. Maka-kalikasan**
Kalikasan at kapaligiran ay nagiging matiwasay kung ang mga naninirahan dito ay nagkakaroon ng pagbibigay sa bawat isa. Katulad na lamang ng isang awit "Gawing Langit ang Mundo" na sa simula ay ang isang tao na nagbubuo siya nang kaisipang pagtulong hanggang sa susunod na tao ay maiisip na din ang paggawa sa kapaligiran at sa mundong tinitirhan.

## X. PARAAN NG PAGKAKASULAT

Ang Maikling Kuwento ay isang maigsing salaysay hinggil sa isang mahalagang pangyayaring kinasasangkutan ng isa o ilang tauhan at may iisang kakintalan o impresyon lamang. Isa itong masining na anyo ng panitikan. Tulad ng nobela at dula, isa rin itong paggagad ng realidad, kung ginagagad ang isang momento lamang o iyong isang madulang pangyayaring naganap sa buhay ng pangunahing tauhan.

Walang hanggan ang maaring paksain ng manunulat ng maikling kuwento, maaring maging hango sa tunay na pangyayari sa buhay, at maaari ring magpatungkol sa kababalagha at mga piksyon o di makatotothanang bagay.

Ana Aanhin Nino Yan ay maitutring na nasa halmbawa ng Maikling Kuwento ng Tauhan, dahil binibigyang pansin ang daloy ng kwento na ang binibigyang puna

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/

ang ay ang buhay ng pangunahing tauhan na si nai Phan, bilang patunay sa pasimula pa lamang ng kwento ay nilalarawan na si Nai Phan sa kaniyang apg-uugali at paniniwala sa buhay.

*Si Nai Phan ay isa sa mga sikat sa kapitbahayan. Hindi dahil isa siyang mananayaw na ang paa'y singgaan ng saboy ng bituin; hindi rin dahil ginawa niyang bukod-tangi ang sarili sa larangn ng pulitika o panitikan. Marahil, ang kanyang talino sa pagsasangkap sa isang masarap na luto ng sinangag ang kanyang naging tuntungan sa kawalang-hanggan, pero kahit hindi naging katangi-tangi ang nalalaman niya sa pagluluto, magiging tanyag pa rin siya, dahil handa niyang pahintulutan ang kanyang mga parukyano sa walang limitasyong pangungutang.*

## XI. PAGWAWASTO NG MAIKLING KUWENTO

Napakahusay ng pagkakasulat ng maikling kuwento, ngunit mas mainam kung sana'y dinagdagan ang background o pinagmulan ng taong nanghold-up sa tindahan ni Nhai Phan, na kung paano siya humantong sa ganoong klaseng Gawain at kung ano ang kanyang kakulangan upang gumawa ng masama.

## XII. PANGKALAHATANG PUNA AT MUNGKAHI

Sa kabila ng kuwentong ito ay nakatago ang katotohanan na hindi lahat ng tao ay katulad ng pangunahing tauhan na si Nhai Phan, na nakakalungkot isipin, sa hirap ng buhay ngayo'y mas pipiliin mo munang unahin ang iyong sarili kaysa sa pagtulong sa iba. Ngunit nakagagalak na nakagawa ang may akda ng nakamamanghang tauhan na ito na nakakapagbigay inspirasyon sa mg mambabasa.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000825873168 from CourseHero.com on 05-18-2021 00:29:32 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/41142254/MKdocx/